

1

Charming business magnate Niall Nemes and his girlfriend, Bettina Torres, finally tied the knot. They were married in a solemn, evening ceremony held at a private estate in San Joaquin City.

Humugot ng malalim na hininga si Bianca habang pinagmamasdan ang litratong katabi ng article tungkol sa ginanap na kasal ng isang ex-playboy at isang ex-rebel princess. ‘Ex’ sapagkat binago na ang mga ito ng pag-ibig. Naging wedding of the year ang pag-iisang dibdib ng mga ito. Bukod kasi sa mala-fairy tale na kasalan ay mala-fairy tale din ang love story ng dalawa. Imagine, a certified playboy fell hopelessly in love with a rebel princess.

Bahagya niyang itinaas ang kanang balikat sa isang gesture ng pagkakilig. Hindi niya maiwasang mangarap na sana ay sakmalin din ng pana ni Cupido ang puso ng lalaking iniibig niya. She was already twenty-six years old at halos kalahati ng buhay niya ay ginugol niya sa lihim na paghanga sa isang taong hanggang ngayon ay hindi pa rin sinusuklian ang damdamin niya.

Naiinggit tuloy siya kay Bettina dahil ito ang kusang hinabol ng pag-ibig. Hindi nito minsan man naranasang maghabol sa isang puso na tila may pakpak at napakailap na tila ayaw dumapo.

Kilala niya si Niall sapagkat kaibigan ito ng boss niya.

Ah, yes, my boss, Nakiro Sato...

Nakiro Sato owned *Rytmisk*, isa itong kilalang bar sa siyudad ng San Joaquin. Nitong huli lang ay napabilang ang *Rytmisk* sa top ten world's best bars. Tama lang iyon. Maganda ang lokasyon ng bar, nasa pinakapuso ng siyudad. It was a smaller and loud version of a luxurious yacht. Contemporary ang estilo at may dalawang palapag. Sa unang palapag ay naroon ang malapad na dance floor. May sariling professional disc jockey ang *Rytmisk*. Sa ikalawang palapag ay pulos VIP rooms na lang at naroroon din ang pribadong opisina ni Nakiro.

Kaagad na lumitaw sa balintataw niya ang kakaibang mga mata ng kanyang boss. He had a pair of deep-oriental eyes, bahagyang sumisingkit iyon sa dulo. His eyes were the darkest shade of silver. Kakaiba iyon, ang bilog ng mga mata nito ay animo mumunting piraso ng mga nabasag na kristal.

Napabuntong-hininga siya, sabay tiklop sa magazine. Nangalumbaba siya habang tinatanaw ang kumakapal na tao sa loob ng bar. Kitang-kita niya ang umiindayog na mga katawan ng mga taong nagsasayawan mula sa kinaroroonan niyang staff room. Hinihintay niya ang pagtapak ng short hand ng orasan sa eight. May quince minutos pa siya bago magsimula ang shift niya.

Inihimlay niya ang baba sa mesa at naghikab. Ipipikit na lamang niya ang mga mata nang mahagip ng kanyang paningin ang pamilyar na bulto ng isang taong hindi pumapalyang pabilisin ang tibok ng kanyang puso.

The Cold-Hearted Beast - Ingrid De La Torre

Marahas siyang napatayo at nagkumahog palapit sa pinto. Mula roon ay kandahaba ang leeg niya sa pagtanaw sa lalaking seryoso ang mukha at walang kangiti-ngiti sa mga labi. Paakyat ito sa spiral staircase patungo sa ikalawang palapag ng bar kung saan naroon ang pribado nitong opisina.

Bianca saw him cast a glance in her direction. Nagsalubong ang mga mata nila. Nanigas ang kanyang leeg at pakiramdam niya ay nalunod siya sa mga mata nito. Nagtagal lang ng half a second ang paghuhugpong ng mga mata nila, pero sapat na iyon upang matuliro ang puso niya. She gave herself a demented little smile. Natutop niya ang tapat ng dibdib. She loved him; she loved Nakiro even if he was strict and unfeeling. Ano nga iyong madalas niyang marinig na tawag dito ng mga tao?

The cold-hearted beast... the despotic boss.

Napaka-ironic isipin na ang binhing pinagmulan ng isang maingay at makulay na establishment na puno ng mga halakhak at musika ay isang taong tahimik at rigid.

Wala siyang pakialam sa mga bagay na iyon. She would still love him even if he was Hades, the god of the underworld.

“Hoy, Bianca! Mamaya ka na managinip nang gising. Lumabas ka na r'on at kailangan ka ni Fakundo mo. Alas ocho na kaya,” pukaw ni Carmencita, kasama niyang waitress sa naturang bar. Pasalampak itong naupo sa silya at ipinatong ang mga paa sa mesa. “Grabe, ang daming tao ngayon,” ingos nito habang

pinipisil ang binti.

Napangiwi siya nang marinig ang pangalang binanggit ng babae. Masugid niyang manliligaw si Fakundo. Ilang libong beses na niya itong binasted, pero siguro nga ay dambuhala ang fighting spirit nito, ayaw siyang tantanan.

Paglabas niya ng staff room ay kaagad sumulpot sa harapan niya ang lalaking mas papasang kargador sa pier kaysa maging waiter sa naturang bar. May nakahanda na itong ngisi sa labi nang salubungin siya.

“Bianca, kanina pa kita hinahanap. Akala ko hindi ka pa dumarating. Alalang-alala ako sa 'yo. Siyempre ay ayaw kong mapagalitan ka ni Bossing.” Eksaherado ang pag-aalalang bumalatay sa mukha ni Fakundo.

She snorted. “Kanina mo pa ako nakita, Fakundo,” mariin niyang pakli. Nahuli niya itong pasilip-silip sa staff room kanina at sigurado siyang alam nito na naroroon na siya. Palusot lang nito ang kunwari ay nababahalang baka ma-late siya para lang may rason itong malapitan siya. She knew Fakundo, gagawin nito ang lahat ng alibi sa mundo para lang makausap siya. “At talagang mapapagalitan tayo rito dahil imbis na inaasikaso na natin ang mga customers ay naririto pa tayo at nag-uusap.” Pagkasabi niyon ay dere-derecho na siyang nagtungo sa bar counter. Pinunasan niya ang nagkalat na likido roon gamit ang malinis na washcloth.

Sumunod ito sa kanya na parang asong bumubuntot sa amo.

Inis niya itong nilingon at tiningnan nang masama.

“Isa pa, Fakundo. Hindi ka na nakakatuwa,” asik niya.

Hindi ito natinag. Lalo lang lumapad ang pagkakangisi nito at hindi inihihiwalay ang mga mata sa kanyang mukha. Marahas siyang napasinghap nang walang kaabug-abog nitong ikinulong ang kamay niya sa magaspang nitong palad.

“Sagutin mo na ako, Bianca. Huwag kang mag-alala, seryoso naman ako sa ’yo, eh,” pahayag nito.

She shuddered. Ngali-ngali na niyang batukan ang lalaki. Binawi niya ang kamay at nagpatuloy sa ginagawa. Nagtatagis ang mga bagang niya sa inis. Nang muling umangat ang kamay nito ay pinukol niya ito ng matalim na tingin.

“Subukan mo lang uli akong hawakan at dudukutin ko iyang mga mata mo!” mahina niyang asik sa lalaki, sapat lang para makarating iyon sa tainga nito.

“Bianca, tawag ka ni Boss, pinapapunta ka sa ’taas. Magdala ka raw ng alak d’on. Pambihira, ikaw na naman. Paborito ka yata ni Bossing, eh,” nakasimangot na reklamo ni Carmencita. Bakas ang inggit sa mga mata nito.

Tumalon ang puso niya at lihim siyang kinilig. Nalusaw lahat ng inis na kanina lang ay tila mga bangaw na umaaligid sa sistema niya. Kumislap ang kanyang mga mata at awtomatiko ang pagporma ng ngiti sa kanyang mga labi. Masigla niyang hinugot

ang *Smirnoff Black* mula sa maliit na cabinet sa likod ng counter. Iyon ang paboritong alak ni Nakiro at siya lang ang nakakaalam sa bagay na iyon.

“Hindi naman siguro paborito. Nagkataon lang na siya ang pinakamatagal na nanilbihan kay Bossing, kaya siya lagi ang nire-request nito,” sambot ni Fakundo.

Wala siyang pakialam kahit na ano pa ang isipin ng mga ito sa kanya. Si Nakiro lang ang mahalaga sa kanya. Sapat na sa kanya ang maambunan ng kahit kaunting atensyon mula sa binata. Dito umiikot ang mundo niya. She had been working for him for over a decade now. Nagsimula siyang magtrabaho ng part-time dito noong sixteen years old siya. Kabubukas lang ng *Rytmisk* noon at napakabata pa ni Nakiro nang mga panahong iyon. Fresh graduate lang ito, pero nagawa nitong patakbuhan nang maayos ang bar.

Nag-full time lang siya sa *Rytmisk* nang matapos niya ang kursong Hospitality Management. Nang mga panahong iyon ay marami nang branches ang negosyo ng binata. Dapat ay matagal na siyang manager ng isa sa napakaraming branches ng bar, subalit hindi niya iyon tinanggap. She never wanted to be a manager, ever. She simply wanted to be with him. Alam niyang katangahan nang maitatawag, pero hindi niya ikaliligaya ang pag-angat ng posisyon niya sa trabaho. Ang binata lang ang kaligayahan niya.

“Nakiro, dala ko na ang paborito mong alak,” bungad niya

nang pahintulutan siya nitong pumasok sa loob ng pribado nitong opisina. Siya lamang ang nag-iisang tao na maaaring pumasok sa silid na iyon. At siya lang ang puwedeng tumawag dito sa simpleng pangalan lang nito.

Nakapikit ang lalaki at nakasandal sa swivel chair. He looked tired. Kaagad na nagsikip ang dibdib ni Bianca sa nakikitang anyo nito. Lumapit siya rito at inilapag sa mesa ang hawak na bote ng alak bago siya naupo sa silyang nakalagak sa harapan ng office table nito. “Gusto mo bang ikuwento ko uli sa ’yo ang *Parable of the Rich Fool?*”

Kuwento iyon ng isang mayamang magsasaka na ganid sa kayamanan.

Nagmulat ang mga mata ni Nakiro at muling nagtagpo ang kanilang mga titig. Umiling ito. “No need, Bianca. Ilang ulit mo nang ikinuwento sa akin ang parabulang iyan. Iisa lang naman ang gusto mong tumbukin, hindi ba? Na hindi ko madadala sa kabilang buhay ang aking kayamanan.”

Tumango siya.

“Don’t you worry too much about me, Bianca. I’m healthy and fit,” anito. He stood up and he looked like some mighty mythological creature. He took powerful strides toward the glass shelf. Kumuha ito ng dalawang kopita mula roon. Hindi niya napigilan ang sariling pasadahan ng tingin ang kabuuan ng binata.

The Cold-Hearted Beast - Ingrid De La Torre

Sa tuwing mapagmamasdan niya itong maigi ay laging pumapailanlang sa utak niya ang kantang *Close To You* ni Karen Carpenter. Kagaya na lang ngayon, the lyrics of the song played in her mind. Nai-imagine pa niyang nagsasayaw ang G-clef at iba pang music notes sa staff.

“Didn’t anyone tell you it’s rude to stare?” Inilapag nito sa mesa ang isang kopitang may lamang alak at itinulak palapit sa direksyon niya.

“Oh, I’m sorry.” Naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Inabot niya ang kopita at sinimsim ang laman niyon.

“Silly. That was a joke,” saad nito, walang kangiti-ngiti sa labi. Taboo ba para rito ang ngumiti? Bakit napakahirap para rito ang gawin iyon? Maganda at maputi naman ang ngipin nito.

“Joke ba talaga iyon? Hindi ba at kakambal ng joke ang ngiti? Where’s your smile, Nakiro?”

Hindi nagbago ang ekspresyon ng mukha nito. Walang pagmamadali nitong dinala sa bibig ang kopita ng alak.

“Hidden somewhere inside my gut?” sagot nito kapagkuwan, sabay kibit sa mga balikat. “I don’t really know.”

Tumango siya. Pinili niyang huwag nang mag-usisa pa. Anyway, with or without his smile, maganda pa rin itong lalaki. Hindi niyon napingasan ang perpektong pagkakabuo sa mukha nito. Ngunit hindi ibig sabihin niyon ay hindi na niya inaasam na

The Cold-Hearted Beast - Ingrid De La Torre

masilayan ang ngiti ng binata. She was a hopeless romantic at umaasa ang puso niya na siya ang magiging dahilan ng pagngiti nito.

Someday, I'll make you smile...

Tumagal pa siya nang limang minuto sa loob ng opisina nito bago siya nagpaalam. Kailangan na rin kasi niyang magtrabaho.